University of Bohol Advancing Filipino Research Journal Volume 1 • April 2024
DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.199

# Penomenolohiya sa Lakbay-Pagkatuto ng mga Nakapagtapos sa Master of Arts in Teaching Filipino, Lalawigan ng Bohol

**ETHEL SOLIVA-DORIA[1], MARIA LUISA L. ARBASTO[2]**
[1]Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol
[2]University of Bohol, Tagbilaran City, Bohol

***Corresponding Author:*** *edoria@hnu.edu.ph*,
*mlaclet@universityofbohol.edu.ph*

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: November 6, 2023
Revised: January 22, 2024
Accepted: March 1, 2024
Publication: April 2024

***Keywords***— transpormatibong pagkatuto, disoryentasyon, transpormasyon, propesyonal na pag-unlad, penomenolohiya

Napapaloob sa mala-kapsulang deskriptor 7 ang mga pamantayang ipinatupad ng Commission on Higher Education para sa mga paaralang gradwado sa programang masteral lalo na ang pamantayang mas maunlad na kaalaman at kasanayan at pagkatutong panghabambuhay. Sa pagsasaalang-alang ng nabanggit na pamantayan, hinahangad ng mananaliksik na masubaybayan ang transpormasyon ng mga mag-aaral sa tulong ng kanilang pag-aaral sa Master of Arts in Teaching Filipino na mahahango sa mga panayam ng 12 mag-aaral na nagtapos sa dalawang pamantasan ng Bohol. Sang-ayon sa teoryang transpormatibong pagkatuto, ang isang propesyonal ay nagkakaroon ng disoryentasyon na nakapag-udyok sa kanya na magsagawa ng masusing paglilimi sa kanyang kaalaman, kasanayan at kaugalian tungo sa pagbuo ng paglalahat. Isinagawa ang pampenomenolohiyang pananaliksik sa layuning matukoy ang transpormasyong naganap kaugnay sa kanilang kaalaman at kasanayan sa tulong ng mga sosyal na konteksto. Mula sa mga tugon ng mga kalahok, masasabing nakatulong sa kanilang

© E. Soliva-Doria and M.L. L. Arbasto (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang midyum o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

transpormasyon ng pagkatao at sa propesyon ang kanilang mga kaalaman at kasanayang pedagohikal, nilalaman ng asignatura, kasanayan sa ika-21 siglo at ang mga sosyal na konteksto katulad ng mga kagamitan at pasilidad, kasamahan at katalakayan, at kurikulum. Kung kaya, masasabing mabuting katuwang man sa lakbay-pagkatuto ng mga mag-aaral ang dalawang pamantasan, nangangailangan pa rin ng transpormatibong kaparaanang pampagpabuti upang matugunan ang iba pang pangangailangan ng mga propesyonal sa kanilang pag-unlad.

## INTRODUKSYON

Isang personal na adbokasiya, ito ang palagay ng mananaliksik sa kanyang isinusulong na pag-aaral. Sa mahigit sampung taon niyang inilaan sa gradwadong paaralan bilang propesor sa programang masteral sa pagtuturo ng Filipino, madalas siyang nagsasagawa ang sariling paglilimi ng kanyang praktises at mga dulog ang bawat kursong itinuturo sa bawat semester sa pagnanais na makatuklas ng perpektong dulog sa kanyang pagtuturo. Palagi niyang iwinawasto ang kanyang mga pamamaraan sa layuning makita ang perpektong larawan ng mga gradwado ng nasabing programa lalo pa at itinataguyod ng Commission on Higher Education (CHED) ang panibagong *Policies, Standards and Guidelines* (PSG) na nagbibigay-diin sa apat na deskriptor, partikular na ang mas maunlad na kaalaman at kasanayan at habambuhay na pagkatuto.

Pinatotohanan naman nina Buenvinida at Yazon (2017) sa kanilang pananaliksik na ang gradwadong pag-aaral ay isang paraan upang mapabuti ang mga kasanayan at kakayahan ng mga gurong propesyonal sa pagganap ng kanilang mga tungkulin sa pagtuturo, pagpapahusay ng kapasidad ng mga mag-aaral, at pangangasiwa ng mga programang pampagkatuto. Sa katunayan, ito ang nag-udyok sa mananaliksik na matukoy kung alin ang mga kaalaman at kasanayang naging makabuluhan sa mga mag-aaral na kanyang tinuturuan at sa idinaraos na gawaing-pangklase. Mahalaga rin sa kanya na mapatunayang ang mga pamantayan sa gradwadong pag-aaral ay nakatulong bas a paghubog ng isang indibidwal na sumailalalim sa isang propesyonal na pag-unlad.

Ang propesyonal na pag-unlad ay isang adhikaing maaaring may personal na motibasyon o udyok ng pangangailangan ng trabaho o karera. Upang matamo ito, kinakailangan ang pagtaguyod nito sa ilalim ng pangangasiwa ng iba pang propesyonal sa loob ng isang institusyon. Gayunpaman, may mga karanasan ang mga mag-aaral na may gulang at propesyonal sa kanilang pag-aaral at sa labas ng pag-aaral na mas naaangkop sa kanilang edad at mas benepisyal sa kanilang transpormasyon.

Bukod dito, napupuna rin ang *paradigm shift* na dulot ng pagsusulong ng wikang Filipino ng iba't ibang sangay ng pamahalaan bilang wikang panturo

at wika ng matalisik na pagpapahayag at pag-usbong ng mga organisasyong tumatangkilik sa adbokasiya sa pagpapalaganap ng paggamit ng wikang Filipino sa mataas na antas na diskurso.

Kung kaya, nilalayon ng pananaliksik na ito na makatamo ng larawan ng transpormasyon ng mga nagtapos ng Master of Arts in Teaching Filipino sa mga pamantasan ng lalawigan ng Bohol kaugnay sa kanilang mga karanasan sa pag-aaral at sa pagsasabuhay ng kanilang propesyon. Sa kalaunan, makatutulong ang isinasagawang pananaliksik upang makapag-ambag ng bagong pananaw at mga pamamaraan sa pagtuturo ng mga propesor sa tulong ng malilinang na transpormatibong kaparaanang pampagpabuti.

## BALANGKAS-TEORETIKAL

Ang pangunahing batayang teorya ay ang Transpormasyonal na Pagkatuto ni Mezirow noong 1978. Sa kanyang pag-aaral sa mga kababaihang bumalik sa trabaho matapos ang ilang taon ng pag-aalaga ng pamilya, ipinakita ni Mezirow na ang pagkatuto ay hindi lamang nakabase sa impormasyon at mga kasanayan, kundi sa pagbabagong-paniniwala. Ayon kay Mezirow, ang pagkatuto ay isang proseso ng pagbibigay-kahulugan sa mga dating pananaw at interpretasyon, na nagiging gabay sa hinaharap (Dochy et al., 2011). Kabilang sa proseso ang kritikal na repleksyon at ang pagbabagong perspektiba, kung saan ang mga indibidwal ay muling sinusuri ang mga personal at pangkulturang paniniwala na humuhubog sa kanilang mga opinyon. Ang transpormatibong pagkatuto ay isang masalimuot na proseso ng pag-unlad ng kaisipan, at nakatutok ito sa pagbabago ng pananaw sa sarili, sa lipunan, at sa mundo. Ipinapakita ng teoryang ito na ang pagkatuto ay hindi basta-basta natatamo kundi isang proseso ng pagsasakatuparan ng mas malalalim na kahulugan na humahantong sa transpormasyon ng mga indibidwal.

Dagdag pa rito, pinapalalim ng Andragohiya ni Knowles noong 1970 ang konsepto ng pagkatuto sa mga may gulang. Ayon kay Knowles, ang mga may edad na mag-aaral ay may likas na pagnanais na maging mas independyente at may sariling direksyon. Binibigyang-diin ng Andragohiya ang pangangailangan ng mga may edad na mag-aaral para sa isang kaligirang bukas sa pakikipagtulungan at pagbabahagi ng mga karanasan. Ang kaaya-ayang kapaligiran sa pag-aaral ay nagiging salik upang magampanan ang pagkatuto sa paraang magbibigay-daan sa kanilang propesyonal na pag-unlad (Henscheke, 2009). Sa ganitong paraan, mahalagang mabigyan ng makabuluhang oportunidad ang mga estudyanteng may edad sa pagpaplano ng kanilang sariling mga layunin sa pagkatuto upang makamit ang mas may-kalidad at napapanatiling karunungan.

Kaugnay nito, ang Pagkatutong Pansariling Direksyon, na itinaguyod nina Tough (1971) at Garrison, ay nagmumula sa kakayahan ng mga indibidwal na kontrolin at idirekta ang kanilang sariling pagkatuto. Ipinapakita ng teoryang ito na ang mga may edad na mag-aaral ay hindi lamang nagiging

independyente kundi nagiging responsableng mga nag-aaral na handang maghanap ng mga pamamaraan upang mapaunlad ang sarili. Ayon sa kanila, ang tunay na pagkatutong pansariling direksyon ay hindi lamang tungkol sa pagiging autonomous, kundi ang pagkakaroon ng kakayahang pumili ng angkop na mga oportunidad sa pagkatuto (Loeng, 2020). Sa ganitong pananaw, ang mga mag-aaral ay natututo ng mas malalim sa pamamagitan ng kanilang mga personal na inisyatibo, habang ang mga guro ay nagsisilbing gabay o facilitator ng kanilang pagkatuto.

Isa pang mahalagang teorya ay ang Eksperyensyal na Pagkatuto nina Kolb (1984) at Plovnick, na naglalatag ng mahalagang papel ng karanasan sa proseso ng pagkatuto. Inilarawan ni Kolb ang modelong ito bilang isang siklo ng apat na pangunahing yugto: kongkretong karanasan, repleksibong pagmamasid, abstraktong konseptwalisasyon, at aktibong eksperimento (Sharlanova, 2004). Sa prosesong ito, ang pagkatuto ay sinisimulan ng aktwal na karanasan, na sinusundan ng pagmumuni-muni at pagsusuri ng mga naganap, pagbubuo ng mga teorya o konsepto, at pagkatapos ay pagsubok ng mga konseptong iyon sa ibang mga sitwasyon. Ang ganitong siklo ng pagkatuto ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa sarili at sa kapaligiran. Sa aktwal na praktika, ang pagkakaroon ng mga aktibong gawain sa klase at mga kaso na nagtatampok ng mga totoong hamon ay tumutulong sa transpormatibong pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral (Fuglei, n.d.).

Sa kabilang banda, ang Konstraktibismo, na pinasimulan nina Jean Piaget noong kalagitnaan ng ika-20 siglo, ay nagmumula sa konsepto na ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng personal na konstruksyon ng kaalaman. Sa pananaw ng Konstraktibismo, walang iisang obhetibong realidad, kundi ang bawat isa ay may sariling pananaw na base sa kanilang karanasan (Sjoberg, n.d.). Ang mga mag-aaral ay nagiging aktibong tagalikha ng kanilang pagkatuto sa halip na mga pasibong tagatanggap ng impormasyon. Sa transpormatibong pagkatuto, ang guro ay nagsisilbing tagagabay sa mga mag-aaral upang matulungan silang mapalalim ang pag-unawa sa kanilang mga paniniwala, pananaw, at interpretasyon sa mundo.

Panghuli, ang konsepto ng Habambuhay na Pagkatuto ay isang mahalagang salik na nagbibigay-diin sa patuloy na pagkatuto ng isang tao sa iba't ibang yugto ng kanyang buhay. Naniniwala ang mga dalubhasa na ang pagkatuto ay hindi natatapos sa isang tiyak na antas ng pag-aaral, kundi ito ay isang tuloy-tuloy na proseso ng personal at propesyonal na pag-unlad. Ang pagyakap sa habambuhay na pagkatuto ay nagpapakita ng kakayahan ng mga indibidwal na manatiling bukas sa mga bagong karanasan at pagbabago sa kanilang kapaligiran, na isang mahalagang salik sa pagharap sa mga hamon ng makabagong panahon.

Sa kabuuan, ang mga teoryang ito ay nagbibigay ng matibay na pundasyon sa pagpapalawak ng kasanayan ng mga propesyonal at sa pagsasakatuparan ng transpormatibong pagkatuto na angkop sa kasalukuyang pangangailangan ng mga may gulang na nag-aaral. Ang mga teoryang ito ay magagamit

bilang mga gabay sa paglinang ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto, na magbibigay sa mga mag-aaral ng mas malalim na pag-unawa at mas makabuluhang pagkatuto.

Sa kabilang dako, marapat na banggitin din ang iba pang napapanahong impluwensiya sa katatagan ng pundasyon ng kasalukuyang pananaliksik kabilang na nito Sustainable Development Goals at ang mga prayoridad o *priority action areas* na *transfoming learning environments* at *building capacities of educators* na ayon kay Glavic (2020) nakatuon sa pagbibigay-kapangyarihan sa mga guro na makapagbago sa kanyang sarili at sa lipunan at Deskriptor 7 na mula sa *Policies, Standards and Guidelines* ng Commission on Higher Education na may kinalaman sa maunlad na kaalaman at kasanayan sa ispesyalisadong larangan ng pagsasanay, pansariling direksyong pananaliksik, pagkatutong panghabambuhay at paglalapat ng mga nabanggit na kasanayan sa propesyonal at malikhaing akda.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang kasalukuyang pag-aaral ay isang kwalitatibong pananaliksik na nakabatay sa dulog na penomenolohiyang may layuning makatuklas sa nakalilitong sitwasyon o *disorienting dilemma* ng mga nagtapos ng Master of Arts in Teaching Filipino kaugnay sa pagganap nila ng kanilang mga tungkulin.

Ang penomenolohiya ay isang pag-aaral sa mga "isinasabuhay na karanasan". Ginamit ni Randall (2014) sa kanyang pananaliksik ang metodolohiyang ginamit ni Van Manen na kinapapalooban ng paglikom ng mga datos sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga respondenteng may magkatulad na karanasan at pagsusuri sa mga datos mula sa pakikipanayam gamit ang mga kowd ng transkrip kasama na ang mga repleksyon ng mananaliksik samantalang sumailalim ito sa paglilikom at pagsusuri ng mga datos. Ang tiyak na pananaliksik ay ginabayan ng hermeneyutik na penomenolohiya.

Idinaos ang pananaliksik sa lalawigan ng Bohol na siyang kinaroroonan ng dalawang pamantasang nag-aalok ng programang Master of Arts in Teaching Filipino. Sang-ayon sa kanilang pilosopiya at pamamaraan, ang isa sa mga pamatasan ay nagpapatupad sa isang holistikong pagtingin sa edukasyon samantalang konstraktibismo-humanistiko naman ang isa.

Sa pagpili ng kalahok, isinaalang-alang ang *purposive* na paraan batay sa *criterion sampling.* Tinukoy nina Fraenkel et al. (2012) ang sampling na tipikal at *homogenous*. Ito ang nakikitang pamamaraan na naaangkop sa uri ng kalahok na kailangan sa penomenolohiya. Tipikal dahil kinakailangan ang pangkat na kumakatawan sa paksang pinag-aaralan at *homogeneous* dahil inaasahang ang mga kalahok ay nagtataglay ng magkatulad na katangian. Natukoy naman ang tiyak na kalahok mula sa mga talang ibinigay ng registrar at ng mga tanggapan ng dekano/dekana ng mga pamantasang pinagtapusan ng mga kalahok.

Ang sampol ay nagmula sa mga gurong nagtapos sa Master of Arts in Teaching Filipino sa Taong Panuruan 2015-2021 mula sa dalawang pamantasan ng lalawigan ng Bohol. May tig-aanim na mga propesyonal na naging kalahok sa pananaliksik na nagtapos mula sa dalawang pamantasan. Sila rin ay mga propesyonal na guro na nagtataglay ng propesyonal na lisensya sa pagtuturo. May tigdadalawang kinatawan para sa mga nakapagtapos sa loob ng dalawang taon, apat na taon, at anim na taon, kung gayon ay napapaloob sa sukatang ito, 2015-2017, 2017-2019, 2019-2021. Bagamat, may iba-ibang iminungkahing laki ng sampol, naglahad ng mga pamantayan sina Smith (2016) at isa sa mga binanggit nila na apat hanggang 10 pakikipanayam. Kaugnay sa nabanggit na tuntunin, masasabing ang labindalawang kalahok na kabuuang bilang ay may kasapatan para sa pananaliksik na ito.

Karagdagan sa kwalipikasyon ng mga kalahok, sila ay nakatira sa lalawigan ng Bohol. Walang tiyak na kasariang hinihiling, sa kabilang dako, tiniyak na ang mga kalahok ay yaong hindi pa umabot sa 60 taong gulang at aktibong nasasangkot sa trabaho, mapa-pribado man o mapa-publiko.

Sa paglilikom ng datos, isinagawa ang patatsulok na pamamaraan upang maberipika ang iba't ibang pananaw at makakuha ng sapat na datos. Kabilang sa pamamaraang ang pagsulat ng mga anekdota ng karanasan ang mga kalahok upang matukoy ang mga isinabuhay na karanasan kaugnay sa kanilang transpormasyonal na pagkatuto. Sinabi ni Eiflisen (2011) na ang rasyonal ng paggamit ng anekdota ay sa paniniwalang may mga sandali na "humuhulagpos" o madaling nawawala kaya kinakailangan at nangangailangan ayon kay Van Manen ng kasangkapang ito upang mas maunawaan ang mga kaisipang madaling nawawala. Isinagawa rin ang pakikipanayam at pagmamasid na nagsilbing balidasyon sa mga natamong impormasyon mula sa anekdota. Mula sa mga nabanggit na pamamaraan ay matutukoy ang mga temang makro at maykro na nauukol sa mga karanasang ibabahagi ng mga kalahok.

Sa pagsusuri ng datos, ito ang mga yugto: una: Paglilinaw sa mga Palagay, ikalawa: Isinasabuhay na Karanasan, at ikatlo: Paglilimi sa Isinasabuhay na Karanasan-Estruktural na Yugto; Ikaapat: Pagsusulat tungkol sa Paglilimi ng Isinasabuhay ng Karanasan na may Pagsasanib ng mga Tiyak na Estruktura sa Panlahat na Estruktura

Ang mga tungkuling ginagampanan ay guro, na tumutukoy sa mga gurong pampubliko, pribado, at pamantasang pang-estado; ang kasapi sa pamayanan ay yaong gurong may mga katungkulan sa kanilang pamayanan, sa simbahan, at ibang sibikong organisasyon, maging ang trabaho sa paaralan na napapakinabangan ng lokal na pamayanan, at ang mga netizen ng sosyal midya; ang mananaliksik ay gurong nasasangkot sa pananaliksik bilang mananaliksik o guro ng pananaliksik; ang may-akda o manunulat ay gurong nagsusulat ng malikhaing akda o nagtuturo ng malikhaing pagsulat; at ang tagapangasiwa sa institusyon o paaralan ay yaong may iba't ibang *ancillaries* sa eskwelahan.

Sa kabuuan, naisagawa ang pananaliksik sa loob ng tatlong linggo para sa pagpapasulat ng anekdota, pakikipagpanayam, at pagmamasid sa

labindalawang (12) kalahok sa kabuuan.

Kaugnay sa *conflict of interest*, tiniyak ng mananaliksik na walang personal na kaugnayan sa anumang ahensiya at walang pabor o benepisyo ito sa kaninumang parte, mapamananaliksik man, kalahok o ikatlong partido maliban sa maglahad ng malinaw at obhektibong resulta. Tiniyak ding binasa at naglagda ang mga kalahok sa porma ng may-alam na pahintulot *(informed consent)* . Tiniyak din na walang ipinahiwatig na kapahamakan sa kanilang paglahok at ipapakita lamang sa kalahok ang kanilang indibidwal at sariling kasagutan kung kinakailangan.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Ang pagtuklas sa lakbay-pagkatuto ng 12 kalahok sa pamamagitan ng penomenolohiyang dulog sa pananaliksik na naglalayong makatukoy sa mga karanasang isinabuhay ng mga nagtapos ng Master of Arts in Teaching Filipino ay naghatid sa mananaliksik sa isang mapanghamon ngunit puno ng pagtatanto at kapupulutan ng mga aral at pagpapahalaga, bagay na tawaging lakbay-pagkatuto mismo ng mananaliksik.

### Pagsusuri sa Profayl ng Kalahok

Ang profayl ng kalahok ay matatagpuan sa talahanayan sa ibaba. Napapaloob dito ang presentasyon ng mga datos kaugnay sa posisyong pinanghahawakan at haba ng paninilbihan. May dalawang propesor sa antas-tersyarya sa pang-estadong paaralan at isa ang pansamantala o part-time. Ang mga nasa paaralang pampubliko ay nagtuturo bilang Secondary School Teacher (SST) at Senior High School Teacher (SHST).

### Posisyong Pinanghahawakan at Haba ng Paninilbihan

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga gurong kasalukyang nagtuturo at kasama na ng kanilang responsibilidad bilang guro ang iba pang katungkulan o *ancillary* kung saan may sapat na bilang na naghahawak bilang koordineytor ng Filipino sa kanilang distrito. Ang mga nasa paaralang pampubliko sa batayang edukasyon ay nasa SST-1 hanggang SST-3 na posisyon samantalang ang sa antas tersyarya naman sa paaralang pang-estado ay nasa Instructor I at Assistant Professor 4.

Ang paglalarawan ng mga kalahok ay nasa tala sa ibaba na isinasaayos nang walang makabululuhan o walang pagkiling na pagkakasunod-sunod.

*Guro 1*. Sa kasalukuyan, siya ay nasa posisyong SST 3 at ginagampanan niya ang kanyang *ancillary* bilang isang koordineytor sa Filipino sa isang distrito at *field adviser* ng Girl Scout. Nagtuturo siya sa loob ng walong (8) taon, naging guro sa pribadong paaralan sa loob ng tatlong taon at sa kasalukuyang paaralan sa Kagawaran ng Edukasyon sa loob naman ng limang taon.

*Guro 2*. Siya ay isang SST-3 at koordineytor sa isang distrito para sa Filipino, at Oral Reading Verification Test-Philippine Informal Reading

Inventory (ORVT- Phil-IRI.). Siya ay isang guro sa loob ng 11 taon mula sa Kagawaran ng Edukasyon. Sa parehong eskwelahan ang kanyang unang taon ng paninilbihan hanggang sa kasalukuyan.

*Guro 3*. Siya ay kasalukuyang SST-2 sa Kagawaran ng Edukasyon. Nakapagturo na ng walong (8) taon sa ilalim ng Kagawaran ng Edukasyon. Ang una naman niyang karanasan sa pagtuturo ay isang taon sa isang pribadong paaralan. Sa kabuuan, may siyam na taon na siyang nagtuturo.

*Guro 4*. Isa siyang Instructor I sa pamantasang pang-estado sa. Natamo na rin niya ang kanyang digri sa Doktor sa Pilosopiya sa Filipino. Nagtuturo na siya sa kabuuang siyam (9) na taon.

*Guro 5*. Isa siyang SST-3 na nanunungkulan sa Kagawaran ng Edukasyon bilang koordineytor sa Filipino sa isang distrito at sa buong *senior high school* ng kanilang munisipalidad. Hinahawakan rin niya ang pagiging *school reading coordinator* at Drop Reduction Program o DORP. May 19 na taon, ang isang taon nito ay inilaan niya sa isang pamantasang pang-estado samantalang ang huling 18 taon niya ay sa Kagawaran ng Edukasyon.

*Guro 6*. Siya ay nanunungkulan sa Kagawaran ng Edukasyon sa posisyong SHST-II. Kasalukuyan naman siyang koordineytor sa Filipino sa Senior High School sa isang distrito at ang puno ng pananaliksik sa kanilang eskwelahan. Siya ay may sampung (10) taon na sa kabuuan sa sa pagtuturo, ang anim na taon nito ay sa kasalukuyan sa Kagawaran ng Edukasyon at ang apat na taon nito ay sa pribadong institusyon. Isa na siyang ganap na Doktor sa Pilosopiya na nagpapakadalubhasa sa Filipino.

*Guro 7*. Pansamantala siyang nag-part-time sa pagtuturo sa parehong paaralan dahil ipinagpatuloy niya ang kanyang post-gradwadong pag-aaral. Siya ay nagtuturo sa isang pribadong paaralan sa loob ng limang (5) taon. Pansamantala siyang nag-part-time sa pagtuturo sa parehong paaralan dahil ipinagpatuloy niya ang kanyang post-gradwadong pag-aaral.

*Guro 8*. Siya ay isang Teacher I sa antas sekondarya. Siya ay isang guro sa antas sekondarya at nagtuturo na sa loob ng anim (6) na taon sa Kagawaran ng Edukasyon.

*Guro 9*. Kakataas lamang ng kanyang posisyon bilang Teacher III nang magpasyang lumipat sa isang paaralang pang-estado. Kasalukuyan siyang nasa paaralang pang-estado at isang Assistant Professor 4 na. Siya ay nagtuturo sa loob ng kabuuang bilang na 10 taon kabilang na ang limang (5) taon nito sa Kagawaran ng Edukasyon.

*Guro 10*. Siya ay isang SST-1 sa isang pampublikong paaralan. Kabilang siya sa technical working group (TWG) na naglilinang ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang una niyang karanasan sa pagtuturo ay isang (1) taon sa isang pribadong paaralan at ngayon ay naninilbihan sa pampublikong paaralan sa loob ng anim (6) na taon. Ang kabuuang bilang ng taon ng kanyang pagtuturo ay pito (7).

*Guro 11*. Siya ay isang SST-1 sa Kagawaran ng Edukasyon ngayon. Bagamat sa loob ng siyam (9) na buwan pa lamang sa kanyang panunungkulan

sa Kagawaran ng Edukasyon, bago pa ito, naging guro siya sa isang pribadong institusyon sa loob ng tatlong (3) taon at anim (6) na buwan.

*Guro 12*. Siya ay kasalukuyang isang SST-3 sa paaralan ng Kagawaran ng Edukasyon.

Kung iisa-isahin, may apat gurong nasa SST-3, may isang SST-2, tatlo ang SST-1, at may isang SHST-II. Guro 12. Siya ay nasa pangwalong (8) taon na sa kanyang pagtuturo rito. Pero bago ito, nakapagturo rin siya sa paaralang pribado sa loob ng 14 na taon. Sa kabuuan, may 22 taon na siyang nagtuturo.

Sa kabuuan, ang mga gradwadong nagtamo ng kanilang digri sa Master of Arts in Teaching Filipino ay kasalukuyang nagtuturo sa paaralang pampubliko sa batayang edukasyon at paaralang pang-estado sa kolehiyo habang isa lamang sa kanila ang pansamantalang nagtuturo habang nasa kanyang post-gradwadong pag-aaral. Sa haba ng panahong inilaan sa pagtuturo ng mga kalahok, maging sa pribado o publikong paaralan, ang pinakamahaba ay 22 taon samantalang ang pinakamababa ay may dalawang guro na maglilimang taon.

**Pagsusuri sa Transpormasyong Naganap Pagkatapos ng Pansariling Pagsusuri at Pagtataya sa mga Hinuha tungkol sa Mga Kaalaman at Kasanayan ng mga Kalahok**

Ninanais sa bahaging ito na sagutin ang ikatlong tiyak na tanong kaugnay sa paglalahad ng suliranin. Sa pagtalakay na ito, matutuklasan ang transpormasyon ng mga kalahok pagkatapos ng pansariling pagsusuri at mapanuring pagtataya sa mga hinuha tungkol sa mga kaalaman at kasanayan sa kanilang pagganap sa tungkulin.

Katulad ng ikalawang suliranin, inisa-isa ang mga sagot ng mga kalahok at tinukoy ang mga sab-tema. Naipapangkat ang mga sab-tema sa dalawa: *Transpormasyon ng Pagkatao* at *Transpormasyon sa Propesyon* sa kanilang pagganap ng tungkulin bilang guro, kasapi sa pamayanan, mananaliksik, may-akda o manunulat, at tagapangasiwa sa institusyon o paaralan

**Guro.** Inilahad ng mga kalahok ang kanilang transpormasyon ng pagkatao at transpormasyon sa propesyon.

Bilang guro ang napagtanto ng mga kalahok ang Transpormasyon ng pagkatao at may nagpahayag na naging mas handa siya sa aspektong pisikal at mental. Nagpahiwatig sina Guro 4 at Guro 7 ang tiwala sa sarili kaugnay sa patuloy na post-gradwadong pag-aaral para kay Guro 4 at sa kampante at malikhaing pagtuturo ng Filipino sa sekondarya at kolehiyo para kay Guro 7.

Para kay Guro 10, nagsilbing salamin sa kanyang karanasan ang araling Alegorya sa Yungib na isinulat ni Plato na nagpahiwatig na kailangan niyang makita ang reyalidad upang maunawaan kung anong dapat niyang gawin. Gayundin sinabi ni Guro 1 na malaki ang ambag ng mga karanasan dahil hindi lahat ay natutunan sa loob ng klasrum.

Ito naman ang naging Transpormasyon sa propesyon ng mga guro sa

kanilang mga karanasan sa trabaho bilang guro. Dahil sa kanyang gradwadong pag-aaral natutunan ni Guro 3 na sumabay at gumamit ng makabagong paraan sa pagtuturo gamit ang teknolohiya. Gayundin, napagtanto ni Guro 5 na dapat pag-iba-ibahin ang mga malikhaing gawain para hindi mabagot ang mga mag-aaral. Kaugnay rito, naging konsistent ang sinabi ni Guro 10 na dahan-dahan at makibagay sa mga bata at sa kanilang pangangailangan.

**Kasapi sa Pamayanan.** Bilang kasapi sa pamayanan, nakumpirma naman ang transpormasyon bilang guro ng mga kalahok sa kanilang mga karanasan pagkatapos ng kanilang pagsusuri at pagtataya sa mga hinuha kaugnay sa kanilang pagganap sa tungkulin.

Lumawak ang aspektong sosyal at ispiritwal kapwa nina Guro 1 at Guro 2 kaugnay sa gawain sa pamayanan. Naging Transpormasyon ng Pagkatao naman ni Guro 7 ang kanyang kamalayan sa mga kultura at tradisyon ng kanilang pamayanan. Ayon sa kanya, *"Higit na nagkaroon ako ng kamalayan sa mga kultura at tradisyon sa aming pamayanan at bukas din sa aking isipan na tangkilikin ang ibat ibang sining sa bansa."*

Sa Transpormasyon sa propesyon, sinabi ni Guro 4 na inaasahang "mag-level up" na dahil mataas na ang narating. Napahalagahan naman ni Guro 6 kung paano makipag-usap. Nabigyang-tuon naman ni Guro 8 ang mga bagong impormasyon at napahalagahan ang mga impormasyon mula sa kanyang gradwado at post-gradwadong pagtuturo.

Si Guro 3 naman ay nailantad sa mga trabahong labas na sa pagtuturo. Ikinagulat niya ang ibang gawaing itinalaga sa kanya. Nasabi niya: "*Nakuratan pod ko nga ingon ana ang set-up…*" Ito ay sa kadahilanang bukod pa sa gawaing pangklasrum, nangangasiwa pa sila sa mga pangangailangan ng komunidad.

**Mananaliksik.** Katulad ng mga naunang tungkuling ginagampanan, napagtanto ng mga kalahok na ang transpormasyon nila ay may kinalaman sa *Transpormasyon ng pagkatao* at *Transpormasyon sa propesyon* at ito ang ginamit na tema sa mga sumusunod na pagsusuri.

**Transpormasyon ng pagkatao**. Bilang mananaliksik, mula sa kanyang mga pagmumuni-muni, binanggit ni Guro 2 na ang kanyang pagsagawa ng pananaliksik para sa kanyang pagtamo ng digri sa master of arts sa paaralang gradwado ay naging hamon sa kanya dahil nangangailangan ito ng pagbalanse ng oras sa trabaho at pag-aaral. Para kay Guro 1 naman, lumawak ang kanyang pag-iisip at pag-unawa sa mga bagay-bagay.Nailalahad ng mga gurong kalahok ang Transpormasyon sa propesyon nila mula sa kanilang paglilimi. Napagtanto ni Guro 2 at Guro 10 na magpatuloy sa pag-aaral ng post-gradwado sa layuning mapalawak pa ang kanilang kaalaman at kasanayan.

Sa puntong ito ng kanyang propesyon, nagkaroon ng kaganapan kay Guro 2 ang totoong paglalapat ng kanyang awtput sa pananaliksik sa paaralang gradwado. Nabanggit niya na ang kanyang inihandang interbensyon para

sa pagbasa pagkatapos ng pagtataya sa ORVT-Phil-IRI ay kasalukuyang nagagamit at napakikinabangan. Nariyan naman si Guro 4 na nakatapos na ng kanyang post-gradwadong pag-aaral at naengganyong gumawa ng pananaliksik kaugnay sa Filipino at magpatuloy sa kanyang pagpapalathala ng mga artikulo ng pananaliksik. Nagkaroon naman ng lakas-loob si Guro 7 na magpalalim ng kanyang pag-aaral sa kultura ng bansa upang mapalago o maintelektwalisa ang wikang Filipino. Nakatuon naman ang mga paglilimi at transpormasyon ni Guro 8 sa kanyang karanasan sa klasrum na para sa kanya, kung pananaliksik ang pag-uusapan, napagtanto niyang dapat paranasin ang mga mag-aaral ng pananaliksik.

**May-akda o Manunulat.** Nakatuon naman ang transpormasyon ng mga kalahok sa kanilang tungkulin bilang manunulat sa kanilang *Transpormasyon sa propesyon*.

Kaugnay sa Transpormasyon sa propesyon, natukoy lamang ang may kinalaman sa propesyon ng mga kalahok. Nagkaroon ng transpormasyon sa paniniwala ni Guro 1 pagkatapos ng kanyang paglilimi sa kanyang mga kaalaman at kasanayan na mas naging mapanuri siya sa mga bagay-bagay at naging maingat sa kanyang mga isinusulat. Napagtanto rin ni Guro 7 na nahasa niya lalo na dahil nagpapatuloy siya sa pagsulat ng mga akdang pampanitikan tulad ng sanaysay, maikling kuwento at tula na ibinabahagi niya sa sosyal midya bagay na naghatid sa kanya para madiskubre ang angking galing sa malikhaing pag-iisip.

**Tagapangasiwa ng Institusyon/Paaralan.** Sa tungkuling ginagampanan bilang tagapangasiwa ng institusyon o paaralan, *Transpormasyon ng pagkatao* at *Transpormasyon sa propesyon* pa rin ang nalinang sa mga kalahok na guro.

Tungkol sa Transpormasyon ng pagkatao, naipahiwatig ni Guro 1 na lumawak ang kanyang pag-unawa at pag-intindi sa iba. Sa kanyang kapasidad bilang koordineytor, napagtanto niyang hindi lahat ay magkatulad ng katangian. Si Guro 2 naman ay nakapagpakita ng respeto sa nakatatanda o mas nauna sa pagtuturo. Sa kabila ng kanyang tungkulin bilang tagapangasiwa, kinikilala pa rin niya ang kakayahan ng mas nakatatanda o mas nauna sa kanya sa larangan ng pagtuturo.

Nasuri naman ang Transpormasyon sa propesyon tulad ng naging reyalisasyon Guro 2 na isang pribelihiyo ang maging koordineytor, "*mora baya pod ug maka-proud nga morag ikaw gisaligan so meaning naa kay edge sa uban*." Para kay Guro 1 siya ang naging koordineytor at tagapagturo sa mga bagong tanggap na mga guro sa kanilang eskwelahan. Isang karangalan para sa kanila na mabigyan ng ganitong katungkulan.

Sa kalahatan, positibo ang naging transpormasyon ng mga guro mula sa kanilang pinagdaanang lakbay-pagkatuto. Ang lahat sa kanila ay nakapagtanto na ang kanilang pag-aaral sa paaralang gradwado sa ilalim Master of Arts in Teaching Filipino o MAT-FIL ay nakapag-ambag sa kanilang pag-unlad sa

kasanayan at kaalaman para sa kanilang pagganap sa tungkulin sa alinman bilang guro, kasapi sa pamayanan, mananaliksik, may-akda o manunulat, at tagapangasiwa sa institusyon o paaralan.

**Disoryentasyon.** Ang dioryentasyon o *disorienting dilemma* ang pinakadiin ng transpormatibong pagkatuto. Napagtanto ni Guro 1 ang kanyang kakulangan ng tiwala sa sarili na nagdulot sa kanya na mawalan ng oportunidad na umunlad sa propesyon sa pagkakataong kanyang ibinahagi. Para kay Guro 3, nakagugulat ang mga dagdag-trabaho na hindi kabilang sa kanyang inaasahan. Nabanggit pa niya na maging "jack-of-all-trades" dahil sa sistema ng edukasyong kinabibilangan. Napatunayan naman ni Guro 8 ang kanyang disoryentasyon sa propesyon sa kanyang karanasan sa pagtuturo sa isang bayan sa bukiring bahagi ng Bohol.

**Pagsusuri sa Sosyal na Konteksto na Nakatulong sa Transpormasyon at Paano Ito Nakatulong sa Pagganap sa Tungkulin**

Binigyang-kahulugan ang sosyal na konteksto na mga salik na katulad ng pasilidad, guro, kurikulum, kagamitang pampagtuturo, mga karanasan sa lipunan, mga kasamahan sa trabaho o guro na nakatulong sa pagbubuo ng pagkatuto. Upang masagot ang tanong sa paglalahad ng suliranin na tumutukoy sa sosyal na konteksto na nakatulong sa transpormasyon ng mga kalahok at paano ito nakatulong, sinuri ang mga naging kasagutan at pinangkat ang mga ito sang-ayon sa mga sumusunod: *Kurikulum, Kagamitan at pasilidad, at Katalakayan at kasamahan.*

**Guro.** Bilang isang guro, sa kanyang pagganap sa tungkulin, nabigyang-diin lamang ng mga kalahok ang Kurikulum at Kagamitan at Pasilidad bilang sosyal na salik na nakatulong sa kanilang transpormasyon.

Kabilang sa natutunan sa Kurikulum ang mga pamamaraang tulad ng pag-uulat, individualistic approach, jigsaw technique, at module-portfolio, na may kalipunan ng mga gawain at layunin. Si Guro 6 ay natuto ng mga estratehiya mula sa mga guro at kaklase, at si Guro 12 ay nakaranas ng pagsasadula, na nagbigay-daan upang gumanap sa iba't ibang tungkulin tulad ng pagiging aktor at direktor. Si Guro 7 ay nakitang mahalaga ang paggamit ng wikang Filipino para sa makabuluhang talakayan. Sina Guro 1, Guro 2, Guro 6, at Guro 9 ay nakikinabang sa paghahati-hati ng paksa at pagbibigay ng ulat-papel. Pinahahalagahan din ang brainstorming, na nakakatulong kina Guro 8 at Guro 10 sa pagbuo ng mga estratehiya at performance task.

Kaugnay sa Kagamitan at Pasilidad, ginamit sa klase ang makabagong teknolohiya laptop, projector, at cellphones. Para kay Guro 3 kapag may integrasyon ng teknolohiya, mas aktibo ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga gawaing pangklase at natutugunan ang kanilang kawilihan o interes. Ayon pa nga kay Guro 5, "*para dili sila ma-boringan*" na tumutukoy sa pag-iwas ng pagkabagot ng mga mag-aaral. Para naman kay Guro 8, sa pamamagitan

ng mga kagamitang odyo-biswal, mas nalilinang ang kasanayang biswal ng mga mag-aaral. Sina Guro 1 at Guro 2 ay nakaalala na ipinapaloob sa USB flash drive ang kanilang mga ulat at pinapipirma sila na ipinagkaloob nila ang gawain sa kanilang propesor at sarili nila itong gawa.

Sa kabilang dako, ang karanasan naman ni Guro 6 sa kanyang mga mag-aaral sa liblib na lugar ay nangangailangan ng malawak na pang-unawa. Kailangang lumiban sa klase ang mag-aaral kapag nag-aani na sila kaya kung may pangangailangan sa kagamitan, naglalaan siya ng mga gawain para mapunan ang kakulangan ngunit sa panahon ng pandemya, *"Before Mam no hindi pa nagkaroon ng pandemic, pagbalik nila galing sa absent nila, pagka-kinabukasan, binibigyan namin ng mga gawain, pina-cover up namin yong absent nila. Pero sa pandemic ngayon halimbawa meron kaming mga estudyante na hindi makapunta sa school, ginagamit namin yong modyul namin before na ibinibigay namin para pagbalik nila dito sa field na, parang nababasa na nila kung ano yong.. may knowledge na sila*."

**Kasapi sa Pamayanan.** Masasabing walang ibang nakikitang sosyal na salik na nakatulong sa transpormasyon ng mga kalahok na nakapanayam ng mananaliksik maliban sa mga tao sa pamayanan. Sila ang mga *Kasamahan at Katalakayan.*

Para kay Guro 1, ang mga tao sa pamayanan ay nakapagpalawak ng kanyang kakayahang makisama at makisabay sa lipunan.

Si Guro 7 naman ay nakikipag-ugnayan sa kapwa Pilipino sa pasalita man o pasulat sa pamamagitan ng kanyang sosyal networking o sosyal midya. Napagtanto niya na nakatulong ito upang magkaroon ng mabuting samahan sa kapwa Pilipino at sa pamayanan. Sa lahat ng mga kalahok, kapansin-pansin na tanging si Guro 7 lamang ang hindi nakapaloob sa kahon ng nakasanayang sosyal na konteksto. Mauunawaan na sa kanyang *engagement* sa sosyal midya, isa siyang guro na makabago. Ginagamit niya ang sosyal midya sa kanyang pagpapakilala ng sarili at kakayahan at pakikipag-ugnayan sa kapwa at ito ang nagsisilbing sosyal na kontekstong nakatulong sa kanyang transpormasyon.

Para kay Guro 6, ekstensyon ng kanyang pananagutan sa loob ng klasrum ang kanyang pakikipag-ugnayan sa mga tao sa kanilang pamayanan. Ninanais niyang unawain ang kalagayan ng kanyang mga mag-aaral sa panahong sila ay lumiliban upang magtrabaho sa bukid kaya sa tuwing may kakulangan ang mga mag-aaral sa klase, naglalaan siya ng pamamaraan upang mapunan ang mga ito.

**Mananaliksik.** Sa pagganap ng tungkulin bilang mananaliksik, ang *Kasamahan at katalakayan* pa rin ang nakikitang mahalagang salik ng mga kalahok sa kanilang transpormasyon.

Sa pananaliksik ni Guro 1 ang mga Kasamahan at Katalakayan ay ang mga taong naging bahagi ng kanyang pagtatapos, at partikular na ang kanyang tagapayo sa pananaliksik na nakatulong sa kanyang transpormasyon, ang

kanyang tagapayo sa pananaliksik dahil sa "*walang sawang payo at paggabay sa akin.*" Para kay Guro 2, ang kanyang relasyon sa kanyang tagapayo ay lalo pang lumalim dahil napanatiling bukas ang kanilang komunikasyon. Naibabahagi rin ni Guro 7 ang kanyang pananaliksik sa mga tao.

**May-akda o Manunulat.** Kaugnay sa pagganap ng tungkulin bilang mananaliksik, ang sosyal na konteksto na nakatulong sa transpormasyon ng mga kalahok ay ang mga *Kurikulum, Kagamitan at Pasilidad, at Kasamahan at Katalakayan.*

Kaugnay nito, sa kanyang pagsusulat naman ng balita at pangulong-tudling, nakatulong kay Guro 12 ang isang Kurikulum na nagbibigay-diin sa mga aralin sa dyornalismo. Isa na siyang eksperto dahil siya ang sinasangguni ng punungguro pagdating sa mga gawain sa presscon at mga timpalak kaugnay sa dyornalismo.

Para kay Guro 1, ang mga Kagamitan at pasilidad lalo na ang aklat na naisulat ay nakatulong sa kanya dahil naging mas malawak ang pag-unawa niya sa mga bagong kaalaman.

Para naman kay Guro 7, ang Kasamahan at katalakayan niya ay ang mga mambabasa ng kanyang mga sulatin at mga mag-aaral na bumabasa ng kanyang mga sariling komposisyon na ginagamit niyang mga halimbawang teksto sa kanyang pagsusulit. Nakatutulong ito sa kanya upang "*higit na mapabuti ang aking sulatin at nagsilbing inspirasyon din upang magsulat pa nang marami na kung saan ang mga naging komento o reaksyon ng mga mag-aaral sa tekstong nabasa ay nagpapasaya sa akin sapagkat dito ko nalaman na naging epektibo ang nagawa.*"

**Tagapangasiwa sa institusyon/paaralan.** Sa kanyang pagganap sa tungkulin bilang tagapangasiwa, ang sosyal na kontekstong nakatulong sa kanyang transpormasyon ay ang *Kasamahan at katalakayan*.

Para kay Guro 1, maituturing na Kasamahan at katalakayan ang kanyang mga kapwa guro, pinuno sa paaralan at ang kanyang pansangay na tagamasid ay nakatulong sa kanyang transpormasyon dahil mas lumalawak ang kanyang kaalaman, pag-unawa at pagpapahalaga sa iba.

Sa lahat-lahat na, ang mga sab-temang natukoy sa pagsusuri ng sosyal na kontekstong nakatulong sa transpormasyon ng mga kalahok sa anumang tungkuling kanilang ginagampanan ay may kinalaman sa kurikulum at napapabilang dito ang mga aralin, estratehiya at mga gawain; ang kagamitan at pasilidad ay nagtatampok lamang ng mga kagamitan sa teknolohiya, modyul at mga aklat; at ang katalakayan at kasamahan ay tumutukoy sa sinumang nakasalamuha ng kalahok at kabahagi ng diyalogo at talakayan kabilang na ang mga mag-aaral, mga *netizens* sa sosyal midya, mga mambabasa ng sulatin, tagapayo sa pananaliksik, at mismong mga kasapi sa pamayanan na kanilang nakasasalamuha.

## KONGKLUSYON

Sa kabuuan, ang kasalukuyang pananaliksik ay maituturing na isang *a-ha moment* o pagkamulat ng mananaliksik kaugnay sa transpormasyon buhat sa lakbay-pagkatuto ng mga kalahok na nagtapos sa Master of Arts in Teaching Filipino sa dalawang pamantasan ng lalawigan ng Bohol.

1. Mula sa kanilang pagtatapos sa apat na taon na *baccalaureate* na programa sa pagtuturo hanggang sa maging propesyonal na guro na nagtamo ng kanilang digri sa MAT-Fil, masasabing malayo na ang narating nila sa kanilang lakbay-pagkatuto. Kasalukuyan silang naghahawak ng mga katungkulan at nagtuturo sa loob ng pinakamahaba na 22 taon.
2. Nagkaroon ng transpormasyon ang mga kalahok pagkatapos ng pansariling pagsusuri at pagtataya sa natamong kaalaman at kasanayan sa kanilang pag-aaral, hindi lamang sa silid-aralan kundi sa kanilang tungkulin bilang guro, kasapi ng pamayanan, mananaliksik, manunulat, at tagapangasiwa. Natukoy ang transpormasyon sa Pagkatao at Transpormasyong Propesyonal. Bagaman walang malinaw na pilosopiya ang mga pamantasan sa transpormasyonal na pagkatuto, ipinahayag ito ng mga kalahok sa kanilang mga karanasan.
3. Nakapaglaan ng mabuting sosyal na konteksto ang mga pamantasan bagamat kung ihambing sa kung ano ang maiaalok ng modernong panahon, masasabing marami pang mapagkukunan ng resorses at makukuhang katuwang sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paaralang gradwado. Gayunpaman, naging mabisa naman ang paaralang gradwado sa paglalaan ng mga sosyal na konteksto dahil sa nagamit naman ang mga kagamitan at mga karanasan ng mga mag-aaral sa kanilang pagganap sa iba't iba nilang tungkulin.

Sa wakas, naging malinaw sa mga karanasan ng mga kalahok, na sa anumang tungkuling ginagampanan, mahalagang may kasama sa lakbay-pagkatuto. May iilan pang nakikitang pangangailangan sa pagpapabuti ng mga pamamaraan bagkus hindi ito maging hadlang sa pagproklama na ang dalawang pamantasan ng Bohol ay naging mabuting kasama sa transpormasyon sa lakbay-pagkatuto ng mga kalahok.

## REKOMENDASYON

Sa pagsasaalang-alang ng mga natuklasan sa pananaliksik, minabuting imungkahi ang pagsusuri ng programa sa mga gradwadong pag-aaral ng dalawang pamantasan sa tinukoy na ispesyalisasyon at ang paglalapat ng mga mungkahing transpormatibong kaparaanang pampagpabuti sa mga klase sa Master of Arts in Teaching Filipino. Gayundin, ang kabuuang resulta ay maibabahagi sa publiko sa paraan ng mga konsorsyum, kumperensiya o akademikong talakayan.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Buenvinida & Yazon at (2017) Assessment of Graduates of Master of Arts in Education (MAED) in one State University in the Philippines Research and Statistics Center. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 5(2), 77-86. https://bit.ly/3bwcJsA

CHED Memorandum Order, blg. 15, s. 2019. Policies, Standards, and Guidelines for Graduate Programs. Artikulo III, Seksyon 6.1-6.2. Commission on Higher Education. https://bit.ly/3X9DmXO

Dochy, F., Gijbels, D., Segers, M., & Van den Bossche, P. (2011). Theories of Learning for the Workplace: Building blocks for Training ang Professional Develment Programs. Routledge. https://bit.ly/3GUdNT0

Eiflisen, M. (2011). Capture the Unexpressed: Anecdote as a Device in Hermeneutic Phenomenological Research. The Indo-Pacific Journal of Phenomenology. *11*(1), 1-9. https://bit.ly/3hNmhCE

Fraenkel, J. R., Wallen, N. E, Hyun, H. H. (2012). How to Design and Evaluate in Research Education Eighth Edition. https://tinyurl.com/5n8k39ck

Fuglei, M. (n.d.). Start Your Own Learning Revolution With Transformational Teaching. *Resilient Educator*. https://bit.ly/3GjoqAk

Glavic, P. (2020). Identifying Key Issues of Education for Sustainable Development. Innovation in Engineering Education for Sustainable Development, 1-18. https://bit.ly/3Fcgq2Z

Henscheke, J. A. (2009). Beginning of the History and Philosophy of Andragogy 18833-2000. TRACE: Tennessee Research and Creative Exchange. https://bit.ly/3QfIp57

Kolb, D. A. & Plovnick, M. S. (1974). The Experiential Learning Theory of Career Development. *MIT/ILP Conference on Career Development*. https://bit.ly/3PzbMOK

Loeng, S. (2020). Self-Directed Learning: A Core Concept in Adult Education. Hindawi *Education Research Internationa*l. 2020, 1-12. https://bit.ly/3g1eRv4

Randall, Robert J. (2014) „A Phenomenological Study about Transformational Learning That Takes Place in Energetics Students" (2014). Education Doctoral Dissertations in Organization Development. 41. https://bit.ly/3Eg6KEh

Sharlanova, V. (2004). Experiential Learning. Trakia Journal of Sciences, 2(4), pp 36-39. https://tinyurl.com/5eemcyf9

Sjoberg, S. (n.d.). Constructivism and learning. 1-11. https://bit.ly/3PyYyRR

Smith, J. T. (2016). Exchange Stories of Success: A Phenomenological Study of Positive Transformative Learning Experiences of Low-Socioeconomic Status Community College Mathematics Students. TRACE: Tennessee Research and Creative. https://bit.ly/3GYJjBm